# UPDATE SA PROYEKTONG JONES STREET QUICK-BUILD SA PANAHON NG TAGLAGAS 2021

SFMTA.com/JonesQuickBuild

Ang Jones Streets mula sa O'Farrell Street hanggang Golden Gate Avenue ay sumasailalim sa iba't ibang pagbabago sa nakaraang 18 buwan bilang pagtugon sa pandemyang COVID-19. Ang SFMTA ay nagdagdag ng pansamantalang lugar na lalakaran noong Agosto 2020 upang pahintulutan ang mga taong maisagawa ang pisikal na pakikipagdistansya para sa mahahalagang pagbiyahe at serbisyo. Sa pagbabagong ito
Ang lane para sa isang sasakyan at lane na paradahan ay ginawang espasyong lalakaran ng pedestriyan.

Noong ika-1 ng Oktubre, 2021, ang mga lane para sa pisikal na pakikipagdistansya ay inalis sa hanay ng Jones sa pakikipagtulungan sa Heathy Streets Operation Center (HSOC) ng Lungsod bilang pagtugon sa kalidad ng mga pag-aalala sa buhay habang pinananatili pa rin ang pag-bawas ng daan mula sa tatlo hanggang dalawang lane.

## 43% NG MGA BANGGAAN SA JONES AY KINAPAPALOOBAN NG MGA SALIK NA ITO:



**Pagpalit ng Lane**



**Mga Pagbunggo sa Likod ng Sasakyan**



**Hindi Pag-yield**

- Ang Jones Street ay nasa Network ng Mataas na Antas ng Pinsala sa Lungsod, 13% ng mga kalye ng lungsod na bumubuo sa 75% ng mga malubha at nakamamatay na banggaan.
- Sa nakaraang limang taon, nagkaroon ng 62 banggaan sa Jones Street O'Farrell Street papuntang Golden Gate Avenue, na nagresulta sa apat na malulubhang pinsala at isang kamatayan.




**MGA SEKSYON NG TAWIRAN SA JONES STREET**




**MGA SEKSYON NG TAWIRAN SA JONES STREET**




**MGA SEKSYON NG TAWIRAN SA JONES STREET**

Ang Jones Quick-Build ay magtatayo nang ayon sa gawain ng pagtugon sa COVID-19 at magmumung-kahi ng maaayos, maibabalik na mga pagpapabuti sa kaligtasan sa trapiko na inuuna ang kaligtasan ng mga pinakabulnerableng gumagamit ng daan.

**Ipagpapatuloy ang pakikipag-ugnayan sa komu-nidad hanggang sa panahon ng taglagas ng 2021 kasunod ng pampublikong pagdinig at pagpapa-tupad sa simula ng 2022.**

## MANATILING KONEKTADO SA AMIN!

Makipag-ugnay sa pangkat ng proyekto sa TLStreets@sfmta.com | 415.646.2227

Bisitahin ang webpage ng aming proyekto para sa higit pang impormasyon at mag-sign up para sa mga update
SFMTA.com/JonesQuickBuild

SFMTA | San Francisco County Transportation Authority | VISION ZERO SF

**311 Free language assistance** / 免費語言協助 / Ayuda gratis con el idioma / Бесплатная помощь переводчиков / Trợ giúp Thông dịch Miễn phí / Assistance linguistique gratuite / 無料の言語支援 / 무료 언어 지원 / Libreng tulong para sa wikang Tagalog / การช่วยเหลือทาง ด้านภาษาโดยไม่เสียค่าใช้จ่าย / خط المساعدة المجاني على الرقم